



COME SI GIOCA

Materiali:

Un testo “ Cappuccetto rosso” con immagini in quadricromia e tradotto in 16 lingue;
8 carte per giocare.

Vorremmo esemplificare il gioco: E' possibile giocare in un gruppo di 8 bambini o di 8 coppie, tanti quante sono le carte, più un bambino con il ruolo di conduttore – moderatore; eventualmente si possono aggiungere altri ruoli: per esempio un temporalizzatore (chi controlla il tempo dei dialoghi), un dizionario parlante (chi aiuta a trovare le parole giuste), ecc.

Dopo la lettura del testo, ognuno nella sua lingua, il gioco si può eseguire ogni volta diverso, con un input nuovo che può partire dall'insegnante.

Ad esempio: “La mamma di Cappuccetto è molto arrabbiata con lei. Sentiamo cosa le dice”, “Il lupo vedendo quella bella bambina, nascosto fra i cespugli, sta facendo un bel sogno e pensa...”, “la nonna è spaventata e si lamenta con il cacciatore... Che poteva essere un po' più lesto” Le carte possono essere distribuite in modo casuale o possono essere scelte dai bambini.

Nel gioco di ruolo ogni bambino “diventa” la sua carta e interpretandola, prende parola. Può rispondere o interrogare uno dei personaggi rappresentati e simulati, avviando dialoghi fatti di battute, gesti, espressioni....

E' possibile usare anche le parole in lingua madre, per poi tradurle o farle ripetere agli altri come in uno scioglilingua.

Si può inventare una frase in lingua che dà la parola ad ognuno o viceversa la toglie.
Si può costruire un forum dei “pro” e dei “contro”.

Le abilità di ognuno possono essere sperimentate e successivamente riprese in forma sistematica durante le attività curricolari.

LE CARTE DA GIOCO



Cappuccetto rosso

Noong unang panahon may isang bata na lubos ang ganda, sa unang tingin mo lang ay mapamamahal ka na sa kanya.

Ang higit sa lahat na nagmamahal sa kanya ay ang kanyang lola, isang araw ang lola 'y nagregalo sa kanya ng magandang sombrero na tela kulay pula.

Gustong-gusto ng bata ang kanyang sombrero na bigay ng lola, ayaw niyang magsuot ng iba sa ulo niya kung hindi iyon, kaya mga tao tinawag siyang Cappuccetto Rosso.

- Cappuccetto Rosso, - sabi ng kanyang ina, sa kanya, - mayroon ditong tinapay at isang botilya ng alak para sa lola. Matamlay siya at maysakit, makakatulong ang mga ito sa kanya para lumakas. Mag-ingat ka at huwag tumakbo; at pagdating mo sa lola, huwag mong kalimutang maggalang at yakapin siya. Kinuha ni Cappuccetto Rosso ang basket na may botilya ng alak at tinapay at nag umpisa na siyang lumakad. Ang lola ay nakatira sa gubat, mga kalahating oras na maglakad para makarating dahil ang puwesto na kinaroroonan ng bahay ni lola niya ay malayo sa nayon, habang naglalakad ang bata may nakasalubong siyang isang lubo-
Magandang umaga, Cappuccetto Rosso, - sabi sa kanya ng lubo.



- Magandang umaga, lubo, sagot naman ni Cappuccetto Rosso.
- Saan ka pupunta Cappuccetto Rosso?
- Pupunta ako sa lola.
- Pupuntahan ko si lola.
- Anong laman ng basket mo?
- Alak at tinapay; niluto namin kahapon. Para lalakas si lola dahil maysakit siya at hindi gaanong masigla.
- Saan ba nakatira ang iyong lola, Cappuccetto Rosso?
- Doon sa malapit sa gubat; may tatlong punong kahoy na malalaki malapit sa bahay niya at napaligiran ng halaman.

Ang lubo kinamot ang kanyang ulo, at tumitingin:

- Hindi mo ba nakikita Cappuccetto Rosso, ang daming magagandang bulaklak dito sa paligid? Hindi mo ba naririnig ang matatamis na awit ng mga ibon? napakaseria mo naman, na parang di mo alam kung gaano

kaganda ang maglibot-libot dito sa gubat. Masaya dito sa gubat , magaganda ang mga bulaklak. Bakit hindi ka mamitas para sa lola mo ? Tumitingin si Cappuccetto Rosso sa paligid : masisilip ang araw sa taas sa dahon ng mga punong-kahoy ; sa paligid ay puno ng magagandang bulaklak .

Nag-isip siya : Maaga pa , mamimitas ako ng bulaklak para sa lola .

Siguradong magugustuhan niya .

Ang ganda talaga ng tanawin at si Cappuccetto Rosso 'y di napapansin na natatagalan na siya , namitas ng namitas at sinusundan pati mga paru-paru.

Si lubo naman , nagmadaling nagpunta sa bahay ng lola. Kumatok sa pinto

- Sino siya ? tanong ng lola.

- Ako lola , Cappuccetto Rosso , -sabi ng sorò. – Dinalhan kita ng alak at isang tinapay . Buksan niyo po ako, lola.

- Hilain mo lang ang hawakan ng pituan , sagot ni lola. -- wala akong lakas na tatayo

Hinila ni sorò ang hawakan ng pinto, binuksan , pumasok at kinain ang lola.

Isinuot ang damit , inilagay sa ulo ang sambalelo ng lola para sa gabi, hinila ang kurtina at humiga sa kama.

Nang dumating si Cappuccetto Rosso, namangha ito nang makita na nakabukas ang pintuan.

Pumasok siya at sabi :

- Magandang umaga , lola !

Walang sagot sa kanya. Lumapit ang bata sa kama at nakita ang lola na may sambalelong pang-gabi natakpan hanggang sa mata, tinitingnan ito na parang iba.

- Oh lola ! ang lalaki ng mga mata mo – sigaw ni Cappuccetto Rosso.

- Para makita kitang mabuti,

- Oh lola , ang lalaki ng tainga mo

- Para mapakinggan kang mabuti , mahal ko!

- Oh lola , ang daming balahibo ng kamay mo !

- Para madama kitang mabuti !

- Oh lola , ang laki ng iyong bunganga!

- Para makain kitang maigi !

Bumangon ang lubo sa kama at kinain si Cappuccetto Rosso , ang tinapay , ang botilya ng alak , pati ang mga bulaklak..... Busog na busog siya , at humiga na naman sa kama, at nag-umpisang matulog at naghihilik sa hilik niya'y yumayanig pati ang mga bintana.

Tamang-tama naman na padaan ang isang manghahayop , namangha siya sa naririnig niyang lakas ng hilik ng alakay ang lola , pumasok siya sa bahay at nakita ang lubo sa kama.

Kinuha ang kanyang kutsilyo , biniyak ang tiyan ng lubo , at hinila si Cappuccetto Rosso, ang tinapay , ang alak , ang mga bulaklak at sa huli ng lola.

Sabi ni Cappucceto Rosso :

- Ang dilim pala sa ilalim ng tiyan ng lubo , natakot malaga ako !

Magmula noon sa plagay ko nakakuha ng leksyon si Cappuccetto Rosso , at hindi na susuwayin ang kanyang ina.

Kayo ano sa alagay niyo ?

A cura di Liza Gamboa

<i>PANGALAN NG MAG TAUHAN</i>	<i>ANG MGA PAGDEPENSA NG MGA TAUHAN</i>	<i>ANG MGA PAG-SISING MGA TAUHAN</i>
Little red ridinghood	Gustong gusto ko sanang mag-laro nang tawagin ako ni nanay upang utusan na magpunta sa lola, at isa pa hindi pa ako nagpuntang mag-isa kaya para sa akin walang naghihintay na panganib, parang laro sa akin....	Kung ikinuwento man lang sa akin ni nanay ang tungkol sa lobo na masama, talagang hindi puwedeng pagkatiwalaan. ..hindi ko sana pinaniwalaan ang kanyang mga panlilinlang....
Ang nanay (ina) ni litle red ridinghood	Sa araw na'yon punong puno ako ng trabaho pati mga gawain sa bahay, may lagnat pa ako noon, kung hindi di'ko sana pinapuntang mag-isa si Cappuccetto rosso na bisitahin ang kanyang lola...	Sana kung pinapakinggan akung mabuti ng aking anak pag sinasabihan ko siya na hindi palaging nilalaro ang kanyang manyika, habang ipinaliliwanag ko sa kanya ang dapat niyang gawin, hindi sana nangyari ang mga pangyayaring ito...
Ang lola ni little red ridinghood	Nanghihina ako't may sakit, ilang araw na akong hindi bumabangon sa higaan, palaging nakasarado ang aking pintuan , però sa araw na'yon naisipan kong buksan para pag may darating hindi ako tatayo at babangon sa aking higaan.... Mahina ako at maydinaramdam naipagpalit ko pati ang boses ng lobo kay Cappuccetto rosso ...	Kung hindi nila sana ako pinabayaan ng ilang araw na, , kahit na alam nilang matanda na ako at maysakit pa, hindi ko sana naipagpalit ang boses ng lobo sa aking apo...

<p>Lobo</p>	<p>Ang ganda ng araw na'yon, numiningning ang araw sa mga sanga ng mga punong- kahoy, talagang ang ganda, però sa gubat parang walang nakamalay. Nag-iisa ako at malungkot, gusto kung magpakasaya nang makita ang magandang bata na naglalakad na walang alinlangan... Nanunumpa ako, gusto ko lang magpakasaya... wala akong balak na kainin siya pati ang lola, però pag maganda ang araw wala akong mailagay sa aking tiyan (makain) ... at isa pa ang lola ay maysakit: akala koy kainin siya'y matutulongan ko siya ...</p>	<p>Hindi ko kasalanan kung ang mga bata 'y namamasyal na mag-isa sa gubat at ang mga lola'y nagbubukas ng pintuan sa kahit kanino.... Ang (ina) nanay puwede naman na samahan ang anak... ang lola puwede naman na isarado ang pintuan....</p>
-------------	---	--

A cura di Liza Gamboa